# ALAMIN ANG IYONG TAKSI

## 1. Suriin ang metro ng taksi

Ipinapahiwatig nito ang iyong pamasahe. Kung ang isang kabayaran ay napag-usapan nang maaga, ang halagang sisingilin sa pasahero ay hindi maaaring higit sa kabuuang pamasahe na ipinapakita sa metro sa pagtatapos ng biyahe.

Ang metro sa isang taksi ay dapat palaging bukas sa tuwing nagbibigay ng transportasyon sa isang pasahero.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | Pinauupahan |
| $ | 3.95 | PAMASAHE | **Inupahan** |
| | | | Nakahinto |
| Taripa | | | |
| 1 | 1.25 | EKSTRA | |

Maaaring maningil ang isang drayber ng $1.25 bilang karagdagan sa pangunahing bayad para sa pagsundo sa paliparan ng Winnipeg James Armstrong Richardson.

Ang batayang pamasahe na $3.95 ay tumataas ng $.19 bawat 100 metro at $ .19 bawat 20 segundo ng oras ng paghihintay. Ang stiker ng taripa ay matatagpuan sa labas ng kanang likurang pinto ng sasakyan.

## 2. Intindihin ang iyong taksi

Ito ay isang halimbawa ng taksi na may numero ng pagkakakilanlan o Taxi Identification number (TID) at stiker (decal) ng kumpanya. Mahalagang tandaan ang TID sa pagpasok ng taxi. Ang TID ay matatagpuan:

- Sa harapan ng drayber at gilid ng pasahero
- Likod ng sasakyan
- Interyor ng tambalang manibela ng sasakyan

Kapag sumakay ka ng taksi, tiyakin na:

- Hindi ka sisingilin nang labis para sa iyong biyahe
- Ang sasakyan ay may regular na inspeksyon sa kaligtasan, na naglalayon na tiyakin na ito ay gumagana o nasa maayos na kondisyon ang sasakyan

- Ang sasakyan at drayber ay may komersyal na seguro (insurance) na sakop ang lahat ng iyong pangangailangan sakaling magkaroon ng aksidente
- Ang pamasahe ay na-inspeksyon at sisingilin ka ng tamang pamasahe
- Ang taksi ay nilagyan ng kamera na may bideyo at audio para sa kaligtasan ng pasahero at drayber

**Ang mga lisensyadong taksi ng Lungsod ng Winnipeg ay hindi pinahihintulutan na tumanggi sa mga sakay batay sa lokasyon ng iyong patutunguhan. Kung tinanggihan kang sumakay o saksi ka sa anumang iba pang problemang pag-uugali sa isang taksi, tumawag sa 311 na may pangalan ng kumpanya, numero ng yunit, oras, petsa at mga detalye ng insidente.**

## 3. Pagkilala sa Lisensyadong Drayber

Ang lisensya sa pagmamaneho ng taksi ay ipinapakita sa harapan ng loob ng sasakyan (dashboard). Ito tumutukoy sa lisensya sa pagmamaneho, numero at petsa ng pagkawalang bisa. Ang isang drayber ng taksi ay kinakailangang magkaroon ng kanilang lisensyang ipinapakita sa lahat ng oras. Ang lahat ng mga drayber ny taksi ay kinakailangan na kumuha ng espesyal na pagsasanay. Kinakailangan na magsumite ang drayber ng pagsisiyasat sa likod ng kasaysayan ng kriminalidad niya (criminal background check) sa Lungsod ng Winnipeg.

**Winnipeg**

Lisensya sa Pagmamaneho ng Taksi

Para sa mga kagyat na pangangailangan o pangyayari,

maaring tumawag sa **911**

Lahat ng taksi ay lisensyado ng Lungsod ng Winnipeg – Mga Sasakyan na Inuupahan

**Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa** **311**

Maaaring hilingin sa iyo ng drayber na magbigay ng deposito, o magpakita ng patunay na kaya mong magbayad ng pamasahe, bago sumang-ayon sa pag-upa.